*Faith like no other*

# Si Ester at ang Pakana laban sa mga Judio

WEEK 4

## WARM-UP

- Ikaw ba ay isang *risk-taker* o mas may posibilidad na manatili ka lang sa isang mas ligtas na sitwasyon? Magbahagi ng isang pagkakataon na nagpapakita nito.
- May panahon ba na kinailangan mong gawin ang isang bagay kahit na hindi ito maginhawa para sa iyo? Magkwento tungkol dito.
- Kapag gumagawa ka ng isang mahirap na desisyon, pinag-iisipan mo ba lagi ang bawat hakbang mo o ipagpapatuloy mo lang kung ano ang una mong napagdesisyunang gawin? Ano ang dahilan kung bakit ito ang ginagawa mo?

## WORD

*"Alam ng lahat sa buong kaharian na ang sinumang lalapit sa hari sa loob ng kanyang bulwagan, lalaki man o babae na hindi ipinapatawag ay papatayin, maliban na lang kung ituturo ng hari ang kanyang gintong setro sa taong ito. At isang buwan na akong hindi ipinapatawag ng hari."* **ESTER 4:11**

(Basahin din ang **ESTER 4:12–17.**)

Nang mamuno ang mga taga-Persia sa mga Israelita, isang magandang dalaga na nagngangalang Ester ang napansin ng hari at napiling maging reyna. Si Haman, isa sa mga opisyal ng hari, ay nagalit kay Mordecai, na tiyuhin ni Ester, at nagbalak na lipulin siya at ang lahat ng mga Judio sa pamamagitan ng paggawa ng isang utos. Bagama't tila wala nang pag-asa, ginamit ng Diyos si Ester para iligtas ang Kanyang mga mamamayan. Ngayong araw, tingnan natin ang pananampalataya ni Ester na nagmistulang kabaliwan dahil nagsalita pa rin siya at ginawa pa rin niya kung ano ang tama kahit na maaaring humantong ito sa kanyang kamatayan.

## 1 Ang kabaliwang pananampalataya ay maaaring maudyukan ng mga taong inilagay ng Diyos sa buhay natin.

*[12]Pagkatapos na masabi kay Mordecai ang ipinapasabi ni Ester, [13]ito naman ang ipinasabi niya kay Ester, "Huwag mong isiping ikaw lang sa lahat ng Judio ang makakaligtas dahil sa palasyo ka nakatira. [14]Sapagkat kahit na manahimik ka sa panahong ito, may ibang tutulong at magliligtas sa mga Judio, pero ikaw at ang mga kamag-anak mo ay mamamatay. Baka nga kaya ka ginawang reyna ay para mailigtas mo ang kapwa mo mga Judio."*
**ESTER 4:12–14**

Labis na nabagabag si Mordecai nang marinig niya ang tungkol sa bagong batas na gustong ipatupad ni Haman. Humingi siya ng tulong sa kanyang pamangkin, si Ester, at hinamon itong makipag-usap sa hari. Si Mordecai ang nag-udyok kay Ester na gawin ito para iligtas ang bayan ng Diyos. Minsan, kapag inilagay tayo ng Diyos sa mga lugar na may impluwensya, nagpapadala Siya ng mga taong tulad ni Mordecai upang hamunin tayo at palakasin ang ating pananampalataya para matupad natin kung ano ang ipinapagawa ng Diyos sa atin. Sino ang mga taong pinakikinggan mo? Paano ka nila hinahamon na mamuhay ayon sa pamamaraan ng Diyos?

## 2 Ang kabaliwang pananampalataya ay maaaring suportahan ng isang komunidad ng panalangin.

*[15]Ito naman ang ipinasabi ni Ester kay Mordecai, [16]"Humayo ka, tipunin mo ang lahat ng Judio na nandito sa Susa at mag-ayuno kayo para sa akin. Huwag kayong kumain o uminom sa loob ng tatlong araw. Ako at ang mga alipin kong babae ay mag-aayuno rin. . . ."* **ESTER 4:15–16**

Alam ni Ester na ang pakikibaka na ito ay hindi sa kanya at hindi rin kay Mordecai lamang. Nakasalalay din dito ang buhay ng mga kapwa niya Judio. Kailangang manindigan ng buong pamayanan ng mga Judio sa panalangin upang ang sitwasyon

ay maging pabor sa kanila. Sila ay nag-ayuno at sama-samang nanampalataya sa Diyos. Paano tinutulungan ng iyong komunidad ang isa't isa sa oras ng pangangailangan?

## 3 Ang kabaliwang pananampalataya ay kumikilos kahit na may malaking gastos.

*". . . At pagkatapos, pupunta ako sa hari kahit na labag sa batas. At kung papatayin man ako, handa akong mamatay."* **ESTER 4:16**

Noong panahon ni Ester, ang mga pumapasok sa korte ng hari nang hindi naman tinawag ay papatayin—maliban na lamang kung iba ang sasabihin ng hari. Isang panganib na handang tanggapin ni Ester. Ngunit dahil nakatanggap siya ng pabor mula sa hari, nakausap niya ito at nasabi niya ang tungkol sa pakana ni Haman. Bilang tugon, binaligtad ng hari ang batas at ang mga Judio ay naligtas. Sa buhay natin, maaari tayong maharap sa mga pagsubok dahil sa desisyon nating gawin ang tama, kahit pa malaki ang magiging kabayaran nito para sa atin. Sa kabutihang palad, ang Diyos ang may-akda at tagapagpino ng ating pananampalataya. Kaya Niyang baligtarin ang anumang imposibleng sitwasyon. Ano ang isang panganib na kinaharap mo dahil sa iyong pananampalataya? Ano ang naging resulta nito?

Bagama't hindi nabanggit ang pangalan ng Diyos sa aklat ng Ester, Siya ay nasa lahat ng dako at kumikilos para iligtas ang Kanyang mga mamamayan. Kahit sa panahon ngayon, kung saan ang presensya at tinig ng Diyos ay tila natatabunan ng iba't ibang sitwasyon, maaari tayong magtiwala sa Kanya. Alam nating kumikilos Siya sa ating mga puso upang Siya ay maparangalan.

## APPLICATION

- Ngayong araw, paano ka makakapamuhay nang may pananampalataya sa kabila ng mga panganib na maaari mong harapin?
- Tinatawag ka ba ng Diyos na pumunta sa isang lugar o posisyon? Paano mo mapararangalan ang Diyos at paano ka makakapamuhay nang may pananampalataya sa mga lugar na iyon?
- Ano ang ilang bagay na maaari mong gawin upang palibutan ang iyong sarili ng mga taong makakapagpalakas ng iyong pananampalataya? Anong komunidad ng panalangin ang kinabibilangan mo sa panahong ito?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagbibigay sa bawat isa sa atin ng natatanging tawag at layunin. Pasalamatan Siya sa paglalagay Niya ng mga tao sa ating buhay upang matulungan tayong tuparin ang Kanyang layunin.
- Hilingin sa Diyos na bigyan ka ng pananampalatayang sundin ang Kanyang salita anuman ang maging kapalit nito. Ipanalangin na magkaroon ka ng lakas ng loob at katatagan sa iyong desisyon.
- Ipanalangin na gamitin ka ng Diyos para matulungan ang mga tao sa paligid mo sa oras ng kanilang pangangailangan. Ipagdasal na hindi mo iwasan ang paglilingkod bilang asin at ilaw sa kanila.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS® Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Josh Hernandez

victory.org.ph

I-scan ang QR code para makita ang iba pang babasahing may kaugnayan sa paksa.